BABALA SA SEGURIDAD

Kapag Ang "Easy Money" Ay Hindi Madali

Ang alok ay nakakatukso. “Work at home.” (Magtrabaho sa bahay) “Just a few hours a day.” (Ilang oras lamang sa isang araw) “Earn up to ten percent commission.” (Kumita ng hanggang sampung porsiyentong komisyon) “No experience necessary.” (Hindi kailangang may karanasan)

Nabitag ng mga nakakaakit na pangakong ito, maaaring pumayag kang magtrabaho para sa isang kumpanyang naglilipat ng mga pondo sa buong mundo. Ang proseso ay mukhang napakasimple. Ibibigay mo lang ang mga detalye ng iyong bank account upang maideposito ang mga pondo sa iyong account ng “employer.” Ang kailangan mo lang gawin ay i-withdraw ang mga pondo, kumuha ng sampung porsiyentong komisyon at ilipat ang balanse sa isang third party sa pamamagitan ng isang serbisyo sa pagpapadala ng pera.

Ang kumpanya ay tila propesyonal. Nagbibigay sila ng detalyadong impormasyon tungkol sa trabaho na gagawin at maaaring kontakin ka pa ng tauhan ng human resources ng kumpanya. Ang pera ay ililipat sa isang lehitimong kumpanya sa pagpapadala ng pera na gaya ng Western Union, at ikaw ay binibigyan ng mga link sa web site ng Western Union® at mga detalye kung paano ipadala ang mga pondo. Inuutusan kang sabihin sa sinumang magtanong na nagpapadala ka ng pera sa mga kaibigan at kapamilya. Ipinapaliwanag ng “employer” na ito ay upang makatipid sa oras at hirap ng pagsagot sa mga ekstrang form na kakailanganin kung ito ay naitalaga bilang isang transaksiyong pangkumpanya.

Sa kasawiang-palad, ang iyong “employer” ay isang negosyong kriminal. Sa pagsang-ayon na magpadala ng pera para sa “kumpanya” na ito, ikaw ay walang kamalay-malay na sumasali sa krimen na money laundering at maaaring sumailalim sa paglilitis ng batas.

Isa pang bersiyon ng “job scam”

Hindi gaya ng iba pang job scam na humihingi sa mga “empleyado” na magbayad muna ng mga uniporme o processing fee , hindi hinihingi sa iyo ng scam na ito na ipuhunan ang anuman sa iyong sariling pera. Sa halip, ikaw ay walang kamalay-malay na ipinapasok upang mailipat ang mga pondong galing sa masama.

Upang maitago ang kanilang bakas, ang mga kriminal na organisasyong ito ay nagpapasok ng mga walang kamalay-malay na tao upang kumilos bilang mga “mule.” Gaya ng halimbawa sa itaas, ang mga taong ito ay tumatanggap ng pera sa kanilang mga account at pagkatapos ay inililipat ito sa mga third party gamit ang isang serbisyo sa pagpapadala ng pera, na nagiging dahilan upang maging mas mahirap masundan ang mga salarin at mga ninakaw na pondo.

Narito ang ilang tip upang makaiwas sa gayong eksena:

- Kung ikaw ay inutusang magpadala ng pera bilang bahagi ng iyong trabaho o sagot sa isang “work at home” na patalastas, kontakin ang Western Union Customer Service Center at humanap ng tao na espesyalista sa panlilinlang (fraud) **(1-800-634-1311)**. Matutulungan ka naming alamin kung ang isang transaksiyon ay balido.

- Mag-ingat kapag tumatanggap ng hindi inaasahang alok na lubhang napakaganda na parang hindi na totoo. Habang nakakatuksong tumanggap ng alok na nagbibigay daan sa

BABALA SA SEGURIDAD

- iyo para kumita ng malaking pera sa kaunting pagod, ang gayong mga alok ay kadalasang mapanlinlang.

- Tandaan na hindi ipinapayo ng Western Union sa mga consumer ang paggamit ng serbisyo sa pagpapadala ng pera kapag nakikipagnegosyo sa mga hindi kilalang tao.

- Kung ikaw ay nakikipag-usap sa isang hindi kilalang agency o kumpanya, kontakin sandali ang iyong Better Business Bureau para malaman kung may anumang reklamo naihain.

- Palaging magduda sa isang alok na nagsasabi sa iyo kung paano sumagot sa mga tanong ng
- Western Union. Any time you are instructed to lie, chances are something is wrong.

Lubos na sineseryoso ng Western Union ang problemang panlilinlang sa consumer. Pinahahalagahan namin ang aming mga consumer at alam namin na pinaghihirapan nila ang kanilang pera. Kapag nalamangan ang mga consumer sa pagiging biktima ng panlilinlang, pakiwari namin ay nalamangan din kami. Kung kaya kumikilos kami upang ipaalam ang iba't-ibang uri ng panlilinlang sa consumer.

# # #